# ANO PA ?

***(Mga Dagdag – Kaalaman, ayon sa mga Psychologists at Human Resource Practitioners)***

Maraming mga dahilan ang nag-uudyok sa isang estudyante upang kumuha ng isang kurso

Maraming gustong pumunta sa Amerika bilang nars, dahil sa napabalitang malaking sahod, kung kaya maraming kumuha ng *nursing*. Pati mga doktor ay kumukuha na rin ng *nursing*. Noong nauso ang *computers*, marami ang kumuha ng *infor-mation technology*. May isang propesor pa ang nagsabi sa kanyang mga estudyante na kumukuha ng *computer science*: "*Pagbutihin ninyo ang pag-aaral, at sikapin ninyong makakuha ng highly com-petitive grades. Kapag mediocre lang ang grade ninyo rito ay mediocre lang din ang mapapasukan ninyong trabaho. Gusto n'yo ba na ang trabaho ninyo ay trabaho lang ng karaniwang typist* ?"

**<u>Kinagigiliwang Gawain o Libangan ( Hobbies)</u>**

Isa sa mga dahilan na mag-uudyok sa iyo kung ano ang pipiliin mong karera ay ang mga kina-gigiliwan mong gawain sa iyong kabataan. Ang mahilig magdrowing o magpinta, karaniwan ay kumukuha ng *fine arts* o *architecture*. Ang mga mahilig kumanta ay malamang na maging *singers*. Ang mga mahilig magkutingting ng mga bagay-bagay ay nagiging mekaniko o engineer. Ang mahilig maglakbay ay nagiging *seaman*, o piloto, o biyahero. Ang mahilig sa mga pagtatanim ay nagi-ging magsasaka, *horticulturist* atbp. Ang mga mahilig magluto ay nagtatayo ng kantina o restoran. Ang mahilig sa Biblia ay nagiging pari, madre, pastor o ministro.

**<u>Tao, Pisikal na Bagay o Impormasyon</u>**

Ang isang *Security Guard* ay kumikilala sa tatlong larangan ng Security: (1) *Personnel Secu-rity*, (2) *Physical Security* at (3) *Document and Information Security*. Kung lalawakan nating ang saklaw nito, masasabi nating ang trabaho nating lahat, maski hindi ka *security guard*, ay sumasaklaw din sa (1) Tao, (2) Pisikal na bagay at (3) Doku-mento, datos, papeles o impormasyon.[11]

Ang hanapbuhay na humahawak sa mga tao ay may kinalaman sa pamumuno, pag-oorganisa, pag-aatas o pagpapasunod, o pagseserbisyo sa mga tao. Ito ang trabaho ng pulitiko, *social worker*, pulis, sundalo, *security guard*, guro, barbero, *waiter*, manikurista, masahista, *information/front desk attendants*, *tourist guides* at iba pa.

Ang hanapbuhay na nangangalaga sa mga pisikal na bagay ay ginagawa ng mga taong ang hinahawakan ay mga bagay na walang buhay, tulad ng mga paninda na nakatinggal sa mga bodega o

---
[11] Lektura sa Security

*warehouse*, mga makina at piyesa ng sasakyan, mga aparato at makinarya, mga kagamitan, sasakyan atbp. Ito ang karaniwang trabaho ng mga bodegero, mekaniko, at tagapagpaandar ng mga aparato at makinarya, mga *drivers* at pahinante.

Ang hanapbuhay ng mga nangangalaga sa dokumento, datos, papeles o impormasyon ay ginagawa ng mga taong nagtutuos ng mga datos, tulad ng mga *accountants*, agrimensor, *statisticians, computer operators o encoders*, siyentista, *actuarians*, atbp.

**<u>Hunter, Farmer, Monk</u>**[12]

Ayon naman sa mga *psychologists*, at sa mga lektura ng mga *Human Resource personnel* ng mga malalaking kumpanya, ang hanapbuhay ng isang tao ay maiuuri ayon sa paghahalintulad nito kung ang karakter ng tao ay isang *hunter* o mangangaso; isang *farmer* o magsasaka; o isang *monk* o monghe.

Ang *hunter* ay isang taong agresibo, matiyaga, tahimik lamang nguni't naghihintay ng magandang pagkakataon upang makahuli ng malaking hayop. Sa hanapbuhay, ito ang taong maski hindi kumikita nang matagal, ay naghihintay na makatagpo ng malaking pagkakataong tumipak ng malaki. Sila iyong mahilig maglakbay sa kung saan-saang lugar upang makipagsapalaran. Hindi panayan ang kanyang ganansya: may panahon na lugi, may panahon na matubo. Dito kabilang ang mga negosyante, ang mga entreprenurista, mamumuhunan, kapitalista, ahente ng mga paninda, mga prodyuser ng pelikula atbp.



Ang *farmer* ay isang taong ang buhay ay umaayon sa paulit-ulit na gawain, na para bang ang lahat ay dumarating sa takdang panahon. Tulad sa pagsasaka, may panahon sa paglilinang ng lupa, sa pagpupunla, sa pag-aani at pagbebenta ng inani. Pagkatapos, uulitin na naman ang ganitong proseso, linang, tanim, ani, benta. Ito ang trabaho ng mga taong suwelduhan, na ang paghahanapbuhay ay umiikot lamang sa regular na dating ng panahon at ang suweldo ay dumarating tuwing katapusan ng buwan. Masaya na sila na magtrabaho sa loob ng opisina, o sa bukid, at ayaw nilang maglalayo o maglakbay. Kabilang dito ang mga sundalo, mga guro, mga empleyado, mga trabahador, tripulante atbp.

[12] Paboritong kuwento ng mga HR practitioners, tungkol sa isang kuwentong bayan na may 3 karakter na nabanggit.

Ang *monk* naman ay waring "walang pakialam sa mundo." Sila iyong mga nagpapatianod na lamang sa mga pangyayari, may sarili silang mundo, at nabubuhay sa tulong ng iba.

TANONG: Alin ka ba sa tatlo: *hunter*, *farmer* o *monk* ?

**Left-Brain, Right-Brain**[13]

*Left-Brain-Right Brain*.

Ayon sa mga dalubhasa, ang utak ng tao ay nahahati sa *left brain* at *right brain*. May pagkakataon na mas *developed* ang isang panig kaysa sa isa.

Kung mas malakas ang **left brain** ng isang tao, ang mga sumusunod ang kanyang maipakikita: mas malakas siyang gumamit ng lohika o pangangatwiran, mas madetalye siya sa mga paliwanag, at lagi siyang bumabatay sa mga *facts*. Maboka siya, o *verbal*, at mahusay gumamit ng mga salita. Nakukuha niya ang kahulugan ng mga salita maski walang diin o kumpas ng kamay ang nagsasalita. Mas magaling siya sa *math* at *science*, at mabilis siyang makabasa o makaunawa ng mga lohika at pagkakasunud-sunod ng mga idea at mga bagay. Segurista siya sa paggawa ng mga bagay-bagay. Ang kanyang pamamaraan ay kamado, ayon sa sistema ng pagkakasunud-sunod o ayon sa plano. Siya ay palasuri, na kung saan binubusisi niya ang mga bahagi ng isang kabuuan. Mas gusto nila ang eksaktong sukat, lohikal na paglilimi at pagsusuri sa mga nakakalap na impormasyon. Madali siyang makaalala ng mga pangalan ng tao, sa halip na mukha ng tao. Gumagawa siya nang naaayon sa oras o *schedule*. Palasunod siya sa mga alituntunin, at bago may gawin, tinitingnan muna niya kung may direksyon o tagubilin sa nasabing gawain, halimbawa ay sa pag-a*assemble* ng isang aparato. Mas gusto niya ang tahimik nguni't maliwanag na kapaligiran kapag nag-aaral ng leksyon o nagbabasa.



Ang tao namang mas malakas ang **right brain** ay may malakas na pandama o damdamin o emosyon na ginagamit niyang batayan ng kanyang paniniwala o nais paniwalaan. Mas nakikita niya ang mas malaking bagay kaysa sa mga detalye, mas malakas ang kanyang imahinasyon at madali siyang maka-ugnay sa mga simbolo at mga larawan. Mas mahilig siya sa pilosopiya, at mas magaling sa pagbabakasakali at pagba-"bahala na." Ang kanyang pamamaraan ay batay sa kung ano ang makita o mahawakan, mas bumabatay siya sa kutob, at mas nakikita niya ang kabuuan kaysa sa mga detalye. Mas mahilig silang magpahalaga sa ganda ng isang bagay, sa damdamin, at pagkamalikhain. Ang

[13] Internet: Funderstanding – Right Brain vs. Left Brain; www.funderstanding.com

paniniwala niya ay ayon sa kanyang nakikita, at hindi sa bagay na teoretikal.. Kung may kausap, mas nakukuha niya ang tono ng boses ng kausap, o kung paano magsalita ang kausap, kaysa sa mismong mensahe o sinasabi ng kausap. Walang tiyak na pagkakasunud-sunod ang pagbasa niya sa mga impormasyon, *random*, wika nga. Mahilig siyang kumumpas ng kamay habang nagsasalita, na wari bang nagbibigay-diin sa sinasabi, o kaya ay magpakita ng saloobin sa pamamagitan ng bikas ng mukha. Mas malakas ang dating sa kanya ng emosyon, kaysa sa dating ng impormasyon. O kung may impormasyon, mas nasasala niya ang damdaming dala ng impormasyon kaysa sa aktuwal na sinasabi ng impormasyon. Hindi siya mabusisi sa oras: mahuli na kung mahuli sa usapan o takdang usapan. Mas naaalala niya ang mukha ng mga tao, kaysa sa kani-kanilang mga pangalan. Malikot siya kapag nag-aaral ng leksyon, at maaari pang makinig sa musika habang nag-aaral. Mas gusto niya ang mga larawan o padron kaysa sa mga salita. May kaugalian pa siya na magtanong sa lohika o kung bakit at ano ng regulasyon o alituntunin. Mas gusto niyang aktuwal na nahahawakan ang mga bagay. Kung minsan ay hindi niya maitakda kung aling gawain ang uunahin, at madalas ay kung ano na lang ang unang dumating. Basta na lamang siya bubuo ng isang bagay, aparato halimbawa, maski hindi pa niya nababasa ang direksyon o tagubilin hinggil sa pagbuo nito.



Ceramics activity. These men are molding clay into decorative items.

Sa madaling salita, ang mga taong mas malakas ang kanilang *left brain* ay mas nakakasabay o umaakma sa mga trabahong may analitikal o mapanuring paraan ng pag-iisip. Sila iyong maaaring humarap sa mga desisyong may kinalaman sa mga balangkas, kaanyuang di-tiyak, disiplina, alituntunin, batas, numero, pag-uuri-uri, lohika o rason, sikwensya o pagkakasunud-sunod ng mga bagay at mga patotoo. Mas mahilig sila sa mga depinisyon, kahulugan, plano, maayos na pagtatrabaho, (na kung minsan ay masasabing "de-kahon" o kaya ay nakatakda o de-numero na ang lahat ng gagawin); at akma silang mag-aral ng agham at teknolohiya.

Halimbawa ng mga taong mas malakas ang *left-brain* ay ang mga siyentista sa laboratoryo, bangkero, abugado, *librarian, mathematician, accountant*, guro at sundalo.



Student group activities help develop their outlook, talents and potentials. Some emerge as leaders.

Ang mga taong mas malakas ang kanilang *right brain* ay iyong mas nakakabasa ng damdamin o emosyon, sa mga kutob. Sila iyong mga mapanlikha (*creative*), mapangarapin, mapag-imahinasyon. Mahilig sila sa kaayusan ng mga kulay at espasyo at mga impresyon sa isipan. Kaya nilang lumaro sa buhay, o makipagsapalaran. May ugali silang pabugsu-bugso (*impulsive*). Sila ay masiste at mahilig din naman sa *sports* o palakasan. Ang mga trabahong kaugnay dito, halimbawa, ay arkitekto, artista, pintor, eskultor, manunulat, *interior designer*, at *beauty consultant*.

**Trabaho ayon sa kung alin ang mas ginagamit: Brains (*utak*) o Brawn (*kamay, lakas at liksi ng katawan*):**

***Brains***. May mga trabaho na mas malakas ang pag-gamit ng utak, na serebral, wika nga. Ito ang mga taong nagsusulat ng mga kuwento, nag-iisip ng mga plano at estratehiya, maging sa negosyo o sa digmaan o pulitika. Ito ang mga siyentista, ekonomista, *statisticians* …

***Brawn***. May mga trabaho na *manual* o ginagamitan ng kamay. Ang gawain ay paulit-ulit, o takda ng proseso. Ang halimbawa ay ang trabaho ng mga mekaniko, relohero (*watch repairman*) karpintero, *computer operators*, panadero, tagaluto, atbp.

May mga trabahong kailangan ng liksi at lakas ng katawan. Ito ang karaniwang trabaho ng mga manggagawa, mga atleta, mga mensahero, mga *professional drivers*. Maaari ding ibilang ang mga *security guards*, mga ditektib, at mga sundalo.

## MAMAMASUKAN KA BA O MAGIGING ENTREPRENEUR ?

Sa bandang huli, ang pagpili ng trabaho ay masasalalay kung ikaw ay magiging *entrepreneur* o mamamasukan.

Ang *entrepreneur* ay isang taong nagtatatag ng kanyang sariling negosyo, mula sa sarili niyang ideya, puhunan at sarili niyang pagpapatakbo.

Ang namamasukan naman ay ang mga empleyado o pumapasok sa isang negosyo na iba ang may-ari at nagpapatakbo.

Puwede bang maging *entrepreneur* ang isang namamasukan ?

Ayon sa isang kuwento, may isang estudyante ang nag-aral ng *vocational* na *automotive mechanic course*. Nang makatapos siya, namasukan siya at kumuha ng karanasan sa pagtatrabaho sa isang *automotive repair shop*.. Makalipas ang isang taon, nagtayo na siya ng sarili niyang talyer. Siya na ang amo, hawak niya ang kanyang oras, at hawak niya ang perang kinikita ng talyer.

Ayon naman kay John L. Gokongwei, Jr., sa kanyang talumpati sa araw ng pagtatapos sa Ateneo de Manila University noong 27 March 2004, ang sagot sa mga problema ng bansa hinggil sa ekonomiya ay **entrepreneurship**, o pagtatatag at pagpapatakbo ng sariling negosyo. Aniya, "kailangan natin ng mga kabataan na makakakita ng mga ideya, makakasunggab sa mga oportunidad, makakapagbakasakali, at makapagpapaisantabi ng kani-kanilang kaluwagan sa buhay upang makapagtatag ng mga negosyo na makapagbibigay ng mga trabaho. Nguni't bakit? Ano ba ang mga trabaho ? Ang mga trabaho ay ang mga bagay na nagpapahintulot na ang mga tao ay magkaroon ng silbi at makapagtakda ng kanilang magandang pagtingin sa kani-kanilang mga sarili. Ang mga trabaho ang nagtataguyod ng kanilang pagiging kapaki-pakinabang na bahagi ng pamayanan. Nagdudulot ang mga ito ng pakiramdam na sila ay mga mahahalagang mamamayan. Ang mga trabaho ang nagbibigay sa bansa ng mga magagaling na kalahok sa pandaigdigang pamilihan. Sa ganitong kalakaran, ang mga *entrepreneurs* ang may kapangyarihang lumikom ng pagkamalikhain at katalinuhan ng iba upang makamit ang kagalingan para sa lahat. Dito uunlad ang ating daigdig."

Mga kumento hinggil sa pamamasukan at pagsasarili ng negosyo:

*"Wala pa akong nakitang namamasukan na yumaman. Ang yumayaman ay iyong may-ari ng negosyong iyong pi-namamasukan. Sa pa-mamasukan, hindi mo nakukuha ang iyong TRUE WORTH."*

*"Ang anak ng Pilipino, kapag nakatapos, tinatanong kung saan siya mamamasukan. Ang anak ng Intsik, kapag nakatapos, tinatanong kung ano ang kanyang itatatag na negosyo."*



[*Entrepreneurship is the answer. We need young people who will find the idea, grab the opportunity, take risk, and set aside comfort to set up businesses that will provide jobs. But why? What are jobs? Jobs are what allow people to feel useful and build their self-esteem. Jobs make people productive members of the community. Jobs make people feel they are worthy citizens. And jobs make a country worthy players in the world market. In that order of things, it is the entrepreneurs who have the power to harness the creativity and talents of others to achieve a common good. This should leave the world a better place than it was.*]



Tungkol sa alok ng malalaking kumpanya sa mga bagong *graduates*, nagpayo si Mr Gokongwei, Jr. na tanggapin ang mga alok na trabaho, at magtrabaho sila nang mabuti hanggang sa abot ng kanilang makakaya, pag-aralan nilang lahat ng kayang ituro ng mga kumpanya, at saka sila umalis. Kung ang mga nagtapos ay nangangarap ng paglikha ng isang bagay na dakila, huwag nilang papayagan na ang trabaho nilang mula alas 9 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon, gaano man kalaki ang sahod, ay madaya sila na manatili na lamang sa kuntento at maluwag na pamumuhay. Sa halip, ang trabahong nagdudulot ng malaking suweldo ang siyang dapat na magtulak sa kanila sa pagtatatag at pagpapatakbo ng kani-kanilang negosyo. [*Take these offers, work as hard as you can, learn everything these companies can teach -- and then leave! If you dream of creating something great, do not let a 9-to-5 job - even a high-paying one - lull you into a complacent, comfortable life. Let that high-paying job propel you toward entrepreneurship instead.*][14]

[14] Mr. John Gokongwei, Jr. Speech; tingnan ang full text sa www.gov.ph at www.bukassarili.org

## ANO NGA ? Desidido ka na ba, at saan ka mag-aaral ?

### MGA KURSO SA KOLEHIYO[15]

Karaniwang nagbibigay ng *entrance examination o college aptitude test* ang mga kolehiyo sa mga gustong pumasok. Makabubuting magtanong ka kung kailan ang pagbibigay ng mga eksamen. Maaari kang magtanong sa kolehiyong iyong gusto, o tumawag sa telepono, o kaya ay mag-*browse* sa *Internet.* Ang kanilang numero ng telepono at *websites* ay makikita sa mga direktoryo at mga anunsyo sa pahayagan.

Sa mga nagnanais na makatuntong ng kolehiyo, naririto ang ilan sa mga kursong maaari ninyong pagpilian. Magtanong lamang sa kolehiyong inyong napipili kung nagtuturo sila ng ganitong mga kurso: (B = Bachelor's degree; BS = Bachelor of Science; BA = Bachelor of Arts)

**B** ► Landscape Architecture; Library and Information Science; Music; Physical Education;

[15] Tinipon mula sa mga websites ng iba't-ibang malalaking kolehiyo sa Pilipinas.

Secondary Education (BSE), major in English; Sports Science;

**BA ► American Studies**; Araling Pilipino; Arts Studies; **Behavioral Sciences**, *major in Organizational and Social Systems Development*; Broadcast Communication; Broadcasting; Business Economics; **Commerce**; Commerce, *major in Economics and Communication Arts*; Communication Research; Communication; Comparative Literature; Creative Writing; Development Communication; **Development Studies**; Development Tourism Management; **Entrepreneurship**; English; English Studies; European Languages; **Filipino**; Film and Audio-Visual Communication; History; International Studies, *major in European Studies*; **Japanese Studies**; Journalism; Linguistics; Literature; *Malikhaing Pagsulat sa Filipino*; Organizational Communication; **Philippine Studies**, *major in Media Studies*; Philosophy; Political Science; Psychology; Public Administration; **Sociology**; Speech Communication; Theater Arts; Theology;

**BS ► Accountancy**; Accountancy, Banking & Finance; Applied Economics; Applied Physics; **Biochemistry**; Biology; Business Administration, *with Entrepreneurship*; Business Administration (*with Accounting and Computer Technology*); Business Engineering; **Chemical Engineering**; Chemical Engineering, *minor in Semiconductor Processing*; Chemistry; Civil Engineering *with specializations in Structural Engineering*; Civil Engineering; Clothing Technology; Commerce; with the following majors: *major in Advertising Management*; *major in Business Management*; *major in Business Management with specializations in Applied Corporate Management*; *major in Entrepreneurship*; *major in Inter-disciplinary Business Studies*; *major in Legal Management; major in Management of Financial Institutions; major in Marketing Manage-ment*; Community Development; Community Nutri-tion; Computer Engineering; Computer Manage-ment & Accounting; Computer Science; Computer Science with specializations in *Information Tech-nology (IT)*; *Instructional Systems Technology (IST); Software Technology (ST); Network Engi-neering (NE);* Computer Science*, major in Comput-er Systems Engineering (CSE)*; Construction Tech-nology and Management; Community Develop-ment; **Early Childhood Education**; Economics; Education, majors in *Biology; Chemistry; Mathe-matics; Mathematics with specialization in Com-puter Application; Physical Sciences; Physics*; Educational Psychology; Electronics & Communi-cations Engineering; Elementary Education; Environmental Management; Environmental Science; **Family Life and Child Development**; Food Technology; **Geodetic Engineering**; Geography; Geology; **Home Economics**; Hospital & Home Health Care Management; Hotel, Restaurant and Institution Management; Human Biology; Hydraulics and Water Resources; **Industrial Engineering**; Industrial Management Engineering, with minors in *Information Technology*; *Service Management*;

Information Management; Information Technology, *with Digital Illustration and Animation*; Interior Design; **Manufacturing Engineering and Management**, with specializations *in Biomedical Engineering*; *Mechatronics and Robotics*; Materials Engineering; Mathematics with specializations in *Business Applications*; *Computer Applications*; Mathematics; Metallurgical Engineering; Mining Engineering; Molecular Biology; **Nursing**; **Physics**; Physics with specializations in *Materials Science*; *Medical Instrumentation*; Premed Physics; Psychology; **Social Work**; Statistics; Statistics, *major in Actuarial Science*; **Tourism**; Transportation Engineering;



Ang pag-aaral sa kolehiyo ay hindi isang patag na daan. Maraming paghamon o pagsubok ang iyong dadaanan. Mabuti na ang maging laging handa.

## MGA POPULAR NA KURSO SA KOLEHIYO[16]

Ito ang mga pinakapopular na mga kurso, ayon sa *statistics* ng CHED sa taong 2001-2002, (*ayon sa kaayusang alpabetikal*):

BS in Elementary Education; BS in Secondary Education; BS in Bachelor of Arts, BS in Accountancy, BS in Agriculture, BS in Business Administration, BS in Commerce, BS in Computer Science; BS in Criminology, BS in Electronics and Communications Engineering, BS in Industrial Education, BS in Industrial Technology, at BS in Marine Transportation.

MGA TANONG: Dapat kaya akong gumaya sa nakararami na kumukuha ng ganitong kurso ? Madali kaya akong magkakatrabaho kung alin sa mga ito ang kukunin kong kurso ? Ano ang tsansa kong mapasok sa trabaho kung ang bawa't makasama ko ay ganito ang natapos ?

Laging tandaan, kung ikaw ay papasok sa trabaho, ito ang pinakabuod ng lahat ng tanong sa iyo ng interviewer, *recruiting officer* o ng *Human Resource personnel*: "Bigyan mo nga ako ng isang napakabigat na dahilan kung bakit dapat kitang tanggapin sa kumpanyang ito?" (*Why should I hire you?*) Ang buod naman ng iyong sagot ay nababatay sa iyong magiging silbi o pakinabang sa kumpanya, na makakadagdag ka sa "*profitability*" o *corporate competitive edge* para sa kumpanyang iyong gustong pasukan. Diyan na lilitaw ang iyong mga katangian o *qualifications*. Ang *qualifications* ay makukuha mo kung papaano ka naghanda at natuto sa pag-aaral, at sa karanasan mo sa pakikisalamuha sa ibang tao.

## MGA URI NG TRABAHO

[16] Ayon sa statistics ng CHED

May nag-uuri sa mga trabaho kung ito ay *white collar job* o *blue collar job*. Ang *white collar job* ay trabaho ng mga nag-oopisina, na tinatawag na *white collar* dahil sa halintulad na hindi nadurumihan ang kanilang mga leeg sa pagpapawis kung kaya kaya nilang magsuot ng puting kuwelyo.

Sa *blue collar job* naman kabilang ang mga trabahong *manual*, iyong itinuturing ng iba na mas mababa ang kategorya sa *white collar job*. Sila iyong karaniwang nagugusot ang damit sa katatrabaho, tulad ng mga mekaniko, *janitor*, *waiter* atbp.

Sa Amerika at Canada ay may tinatawag na *brown collar jobs*[17]. Ito ay mga manual na uri ng trabaho na pina-pasukan ng mga dayuhan sa Amerika, tulad ng mga Asiano at mga Latino Amerikano.

Hindi natin tatalakayin ang antas ng trabaho, o ang katumbas na laki o suweldo ng nasabing trabaho sa listahang sumusunod. Ang mamimili ay namimili ayon sa kanyang kagustuhan at kakayahan.

Huwag ding maliitin ang anumang trabaho, lalo pa kung mahilig kang magkumpara ayon sa laki ng kinikita. May mga basurero sa Payatas, Quezon City na tatalunin sa suweldo ang isang de-kurbatang namamasukan sa Ayala Avenue sa Makati. Mangyari kasi, ang nasabing basurero ay nagsimula sa pangangalap ng basura. Nang makaipon siya ng puhunan ay siya naman ang kumuha ng mga tauhan upang mamulot ng basura. Sa bandang huli, siya ay nakapagtayo ng *junk shop* mula sa mga abubot na napupulot sa basura. Hindi lang iyon: mayroon na siyang *dump trucks* na pangontrata niya sa pangongolekta ng basura. Sa katawagan, siya ay basurero, pero sa kita, nakangiti siyang nagsasabing "May pera sa basura."



Kung may problema, may solusyon.

Ang sabi nga ng mga matatanda, kung mangangarap ka rin lang, itaas-taas mo na ang pangarap mo. May isang estudyante ang nagsabing gusto niyang maging mekaniko. Sinabihan siya ng isang matanda na mangangarap din lamang siya na maging mekaniko ay pangarapin na rin niya na makapag-pundar ng isang talyer o *car repair shop* para makatulong siya sa ibang mga mekanikong katulad niya na magkaroon ng hanapbuhay. At dahil sa makaka-intindi siya sa mga hala-halaga ng mga sasakyan ay mangarap na rin siyang balang araw ay maging *car dealer*. Kung *car dealer* na siya, puwe-

[17] Internet: NCPA Daily Policy Digest: Brown Collar Jobs; www.ncpa.org

de na siyang humanay sa mga de-kurbatang empleyado. Puwede na rin niyang pasukan ang negosyo ng *car insurance, car painting*, at maging *car racing*.

Ang iyong katayuan sa kinabukasan ay depende sa taas ng pangarap mo at kung paano at kailan mo ito maaabot.

Narito ang isang listahan ng mga posibleng maging trabaho ng isang tao. Hindi ito kumpleto, marami pang hindi nailista, nguni't maaari na itong maging ga-bay na pagpipilian. Isina-ayos ito ayon sa kung anong mga trabaho ang kaugnay sa agham at teknolohiya; mga pangangailangan ng tao tu-lad ng pagkain, damit at silungan; pang-aliw tulad ng turismo, *sports* at panoorin; kapaligiran; edukas-yon; paglalakbay at komunikasyon; kalusugan at gamutan; mga bagay-bagay sa negosyo; at mga serbisyo ng pamahalaan.

## NATURAL SCIENCES, SOCIAL SCIENCES AND TECHNOLOGY

Acoustician; Agricultural Scientist; Agriculturist; Agronomist; Algologist (Phycologist); Anatomist; Anthropologist; Archaeologist; Astrobiologist; Astronomer; Astrophysicist; **Biochemist**; Bioinformatics expert; Biologist; Biophysicist; Biopsychologist; Biotechnologist; Botanist; **Cell Biologist**; Child Psychologist; Civil Engineer; Clinical Psychologist; Computer Engineer; Cosmologist; Cryogenics expert; Cytologist; **Dendrologist**; Dentist; Doctor of Medicine; **Ecologist**; Economist; Educational Psychologist; Educator; Electrical Engineer; Electronics expert; Entomologist; Entomologist; Epidemiologist; Etymologist; Exobiologist; **Food Technologist**; Forensic Psychologist; Fresh-water Biologist; **Gemologist**; Geneticist; Geneticist; Genomics expert; Geodetic Engineer; Geographer; Geologist; Geomorphologist; Health Psychologist; **Health Scientist**; Herpetologist; High Energy Physicist (Particle Physics); Histologist; Horticulturist; Hydrologist; **Immunologist**; Industrial Psychologist; **Laboratory Technician**; Limnologist; **Marine Biologist**; Materials physicist; Mathematical Physicist; Mechanical Engineer; Mechanics expert; Metallurgical Engineer; Metallurgist; Meteorologist; Microbiologist; Mineralogist; Mining Engineer; Molecular Biologist; Molecular Physicist; Morphologist; **Neuro-psychologist**; Neuroscientist; Nuclear Engineer; Nuclear Physicist; Nutritionist; **Oceanographer**; Oncologist; Ontogenist; Optical Physicist; Organizational Psychologist; **Paleontologist**; Pathologist; Pharmacologist; Phycologist (Algologist); Phy-logenist; Physiologist; Plasma Physicist; Political Scientist; Polymer Physicist; Population Geneticist; Proteomicist; Psychologist; Psychometrician; Psychophysicist; Radiologist; Seismologist; Social Psychologist; **Social Worker**; Sociologist; **Taxidermist**, Taxonomist; Thermochemist; Thermodynamicist; Toxicologist; **Vehicle Dynamics expert**; Virologist; Volcanologist; **Zoologist**; Laboratory technician; technical assistant; secretary; record keeper;

## FOOD, CLOTHING AND SHELTER

abbattoir operator; agriculturist, agronomist, aquaculturist, architect, assayist; blacksmith, bricklayer; cabinet maker; carpenter, cement factory manager, cement factory worker; cement producer, chemical engineer, chemist, chlorine specialist; civil engineer, coconut grower, computer expert; computer operator, construction crew; contractor;

cook, cooking oil manufacturer, copra dealer; copra producer, dairy farm manager, dairy producer; dairy worker, designer; driver; electrical engineer, electrician, factory worker; farmer, feed manufacturer; feng shui consultant; fish supplier, fisherman, floriculturist, florist, flower vendor, food processor, food supplier; foreman; fruit grower, furniture manufacturer; garbage collector, gardener, grower, hat manufacturer; heavy equipment operator, hollow blocks manufacturer; home décor shop owner; horticulturist, interior designer, inventor, jewelry maker, lineman, livestock raiser, marine biologist, mason, meat inspector; meat processor, meat vendor; mechanical engineer, microbiologist; nuclear engineer, nutritionist, offshore rig operator and crew; oil explorer, painter, pathologist, pest control expert, physicist, pipe fitter; plumber; power generator, repairman, electronic and electrical repairman; restaurant crew; restaurant operator; restaurant staff, waiter, chef, roofing specialist; sanitary engineer; sanitary worker, shoemaker, slipper maker; softdrinks manufacturer, staff and worker; solar energy specialist; sprayer; stone cutter; stone worker; swimming pool specialist; tailor / haberdasher; sewer, textile manufacturer; textile factory worker; dress shop manager, dressmaker, fashion designer, worker; tile layer; vegetable grower, weather forecaster; furniture maker, curtain maker; baby sitter, nanny (*yaya*), house maid, house boy, gardener, utility, employment agency operator

**TOURISM, SPORTS AND ENTERTAINMENT**

entertainer, musician, guitarist; drummer; organ player; saxophone player; singer, soloist, balladeer, crooner; band player, conductor; composer, lyricist; magician, contortionist, circus performer, lion tamer, animal trainer, insrtrument crew; sounds and lights crew, stage crew; hotel staff; usher, usherette; waiter, chef, bartender; restaurants and food shops personnel, receptionist, information attendant; cashier; tourism personnel; translator, interpreter; PR specialist; advertiser; fashion model; reporter, photographer;

Movie industry personnel; producer, director, camera man; gaffer, scriptwriter; production crew; actress, actor, supporting actor and actress; film editor; sound specialist, musical scorer; animation expert; dubber; special or visual effects expert; artist; costume designer; set director; make-up artist; movie operator, usher, guard, box-office attendant; projection crew; messenger; moviehouse crew; checker, inspector;

Games and amusements manager/operator; ballet dancer, cultural dancer, poet; historian; archivist; numismatist; curator; record keeper; book keeper; dead river rehabilitation officer; jockey; casino operator, crew; beach personnel (first-aider); paramedic; lifeguard; Sports: professional player, boxer,

golf, basketball, wrestling; billiards, etc.; coach, coaching staff; sports event organizer;

**ENVIRONMENT**

scientist, paleontologist, meteorologist, ecologist, geologist, miner, mining engineer, cartographer, geophysicist, ornithologist; taxonomist; researcher; site manager; metallurgist; worker in a mine furnace; blaster, high explosive expert; surveyor; draftsman, artist; ceramics; sanitary engineer, garbage collector; sewage specialist (*poso negro*); excavator; logger, sawmill operator; forest product gatherer, forest ranger; fisherman; fish processor; tuna exporter; fishpond operator; aquatic product grower (aquaculturist), botanist, marine biologist, volcanologist, herpetologist, ichthyologist; zoologist, zoo personnel;

**EDUCATION**

teacher, principal, supervisor, superintendent of schools; professor, instructor; writer/author, book printer; proofreader, editor, book salesman; researcher; librarian; archivist; curator; manufacturer of teaching devices; contractor for school buildings; janitorial service; clerical service; computer expert; priest, pastor, minister, religious leader, nun

**MOBILITY AND COMMUNICATION**

Civil engineer, mechanical engineer, sanitary engineer, electronics and communications engineer; heavy equipment operator, contractor, dealer,

driver, pilot, sea captain, crew, seaman, stewardess, ground crew, mechanic; welder, vehicle assembler; spare parts dealer; spare parts manufacturer; vulcanizer; vehicle maintenance crew; gasman, oiler; transporter; vehicle manufacturer; exhaust pipe manufacturer; fuel calibrator; smoke emission tester; telephone operator; radio / TV broadcaster, script-writer, movie director; news reporter; correspondent; newscaster; broadcaster; editor, publisher, columnist; cartoonist; sports writer; feature article writer, novelist, short story writer, essayist, bookbinder, printing press crew; tollways operator, safety officer, security officer;

maritime crew; telecommunication personnel; call center operator; data processor, proofreader, tower specialist; machinist; lathe operator

**HEALTH & MEDICINE**

anaesthesiologist, anatomical pathologist;

audiolo-gist; beauty expert; blood test technician; brain sur-geon; cardiologist; care-giver; chemical patholo-gist; chemist; chemotherapist, chiropractic, CT Scanner, dentist, dermatologist; doctor, drug manu-facturer, EENT doctor; endocrinologist; geriatri-cian; gynaecologist; health worker, hospital / clinic personnel, immunologist; doctor of internal medi-cine; laboratory technician, laryngologist, lung specialist; medical transcriber, magnetic resonance imaging (MRI) technician; masseur, medical attendant; medical emergency staff; medical researcher, medical sales representative; medical technologist; microbiologist;

nephrologist; neurologist, nuclear imaging technician; nuclear medicine expert; nurse, ob-gyne doctor, obstetrician; occupational thera-pist; oculist;

oncologist; ophthalmologist; optical shop manager; optometrist; orthopedic doctor, otolaryngologist or otorhinolaryngologist; patholo-gist; pediatrician; pharmacist, pharmacologist; psy-chiatrist
, psychlogist, pulmonogist, radiologist; sanitary engineer; surgeon; tomographer (CT); ultrasound technician, urologist, x-ray technician, midwife; alternative medicine practitioner; herbal-ist; yoga instructor; funeral parlor manager and staff; embalmer; coffin maker;

**FINANCE, BUSINESS AND CORPORATE AFFAIRS**

Accountant; banker, financial analysts, actuary, economist, finance officer, customs examiner, cus-toms broker, tax collector, tax assessor, treasurer, comptroller, auditor, accountant, budget officer, insurance agent, insurance manager, finance analyst, disburser, teller, bank manager, gemologist, jeweler, jewelry dealer, jewelry manufacturer, president and CEO (chief executive officer); vice president, director; security officer, safety officer, materials management officer; warehouseman; human resources personnel;

benefits administration officer; headhunter; recruiter; advertiser, legal officer; supplies and logistics officer; transportation officer; sales personnel; infrastructure officer; site manager; branch manager; facilities manager; investigator; intelligence officer; operations officer; auditor; internal audit officer; purchasing officer; site acquisition officer; salary administrator; liaison officer; credit investigator; insurance adjuster;

Demographer, researcher, population expert; sta-tistician; vendor; manufacturer, salesman, agent; trade organizer; Investor, stock broker; shop owner; proprietor; entrepreneur; franchise manager; estima-tor, clerk; secretary; data processor; credit manager;

Ice cream vendor, taho vendor, vegetable vendor, sari-sari store proprietor; business partner (indus-trial or capitalist); incorporator; wholesaler, retailer;

**GOVERNMENT SERVICES**

diplomat, foreign service staff, translator, linguist; defense attaché, envoy, ambassador, consul, pass-port processor, visa processor; authenticator, investigator, OFW (Overseas Filipino Worker); TESDA personnel; immigration staff

public safety and security personnel, public wel-fare personnel; fireman, policeman, jail warden; jail director; penologist; probation officer; politi-cian, adviser, consultant, computer operator; traffic enforcer, sanitary engineer, garbage collector; fire extinguisher dealer; fire insurance personnel; pub-lic administrator

soldier, consultant, para-military personnel; reserv-ist; munitions expert; firearms and ammo dealer, ammo manufacturer, ordnance expert; supplier (boots, uniforms, office supplies) or dealer; disas-ter manager; intelligence officer; purchasing offi-cer; lecturer, resource person; civil registrar; land registrar, registrar of deeds; urban development officer, urban planning officer; copyright office personnel;

lawyer, prosecutor, public attorney; parole officer, judge; paralegal, labor arbiter; adjudicator; social worker; business permit processor;

Sabi ng isang tatay sa anak na ang naging hanapbuhay ay ang pagtitinda ng taho: "Noong araw, pinapag-aral kita, ano ang ginawa mo? Nanood ka ng sine … bumarkada … maagang nag-asawa. Nagka-anak. Ngayon tingnan mo ang sarili mo. Hanggang sa pagtanda mo, **magtitinda ka na lang ng taho, kasi, iyan lang ang alam mo**."

Sagot ng anak, "Hindi naman po, Tatay. MAGTITINDA RIN PO AKO NG TOKWA."

**Important: Keep away from Drugs. Companies will not hire you, people will avoid you if you are a drug addict or drug user.**

---

**"I had graduated with a degree in medieval history and philosophy. If you had a job that required knowledge of Copernicus or 12th Century European monks, I was your person. But that job market wasn't very strong**" – Carleton Fiorina, Former President and CEO of Hewlett-Packard Company from 1999 to 2005.

<u>Listahan ng mga Kolehiyo at mga Paaralang Teknikal at Bokasyonal</u>[18]

Narito ang isang listahan ng mga kolehiyo at mga paaralang teknikal at bokasyonal sa buong Pilipinas. Ang pagkakalista rito ng anumang paaralan ay hindi nangangahulugan ng tuwiran o komersyal na pag-eendorso na pumasok ka sa nasabing paaralan, bagkus, ito ay nangangahulugan lamang na marami ka palang pagpipilian, kung gugustuhin mo. Paumanhin din sa mga paaralang hindi naisama sa listahan, kung mayroon man. Hindi naisama dito ang mga *caregiver schools* at ilang maliliit na *vocational* at *technical* at *computer schools*.

Ang paaralang may simbolo na " ▼ " ay isang **SUC** (*state college or university, o paaralang pinapangasiwaan at tinutustusan ng subsidy ng pamahalaan*).

# Region I (Ilocos Region)

## Ilocos Norte

**Ablan Memorial College,** Solsona
**AMA Computer College-Laoag City** Laoag City
**Bacarra Medical Center School of Midwifery and College of Nursing,** Bacarra
**Badoc Junior College** Badoc, Ilocos Norte
**Bangui School of Fisheries**, Bangui
**Batac Junior College,** Batac, Ilocos Norte
**Data Center College Philippines of Laoag City, Inc.**

[18] Intenet: Kinalap at isinaayos mula sa listahan ng CHED, TESDA at mga pribadong kolehiyo at unibersidad.

**DIVINE WORD COLLEGE OF LAOAG** Laoag City
**IGAMA Colleges Foundation, Inc.,** Badoc
**Ilocos Norte College of Arts and Trades,** Laoag City
**MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** ▼ Batac
**MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY-COLLEGE OF TECHNOLOGY**-Laoag City
**MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY-COLLEGE OF AGRICULTURE AND FORESTRY,** Dingras
**MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY-COLLEGE OF EDUCATION,** Laoag City
**MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY-COLLEGE OF FISHERIES,** Currimao
**Metropolis Computer School,** Laoag City
**Northern Christian College,** Laoag City
**Northwestern University** Laoag City
**Ranada Training Center, Inc.,** Laoag City
**Sacred Heart Colleges Foundation of Northern Philippines, Inc.,** Badoc

# Ilocos Sur

**AMA Computer Colleges**, Candon
**Banua-Moran Educational Training Center, Inc.,** Candon
**CPV-Vigan, Inc.,** Vigan City
**Data Center College of the Philippines-Vigan City**
**Divine Word College of Vigan,** Vigan City
**Ilocos Central Academy,** Narvacan
**Ilocos Sur Community College,** Bantay
**ILOCOS SUR POLYTECHNIC STATE COLLEGE** ▼Sta. Maria
**Ilocos Sur Polytechnic State College** -Candon
**Ilocos Sur Polytechnic State College** -Cervantes
**Ilocos Sur Polytechnic State College -College of Arts and Sciences-Tagudin,** Tagudin
**Ilocos Sur Polytechnic State College -College of Fisheries and Marine Sciences**-Narvacan
**Ilocos Sur Polytechnic State College** -Salcedo
**Ilocos Sur Polytechnic State College** -Santiago
**Macro Computer College,** Vigan City
**Naturales Training Institute ,** Vigan City
**Northern Ilocandia College of Science and Technology,** Candon
**Saint Mary's College,** Sta. Maria
**SAINT PAUL COLLEGE OF ILOCOS SUR** Bantay
**UNIVERSITY OF NORTHERN PHILIPPINES** ▼ Vigan
**UNIVERSITY OF NORTHERN PHILIPPINES** ▼ Candon
**Divine Word College of Vigan,** Vigan

# La Union

**Agoo Computer Center**, Agoo
**Agoo Computer College Phils.,** Agoo
**AMA Computer College-La Union,** San Fernando City
**Central Ilocandia College of Science & Technology,** San Fernando
**Congress College**, Agoo
**DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY OPEN UNIVERSITY**▼ San Fernando City
**DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** ▼ Bacnotan
**DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY SOUTH LA UNION** ▼ Agoo
**Lorma Colleges,** San Fernando City
**La Union College of Nursing,** San Fernando City
**La Union Colleges of Science and Technology, Inc.,** Bauang
**National College of Science and Technology,** San Fernando City
**NATIONAL COLLEGE OF TECHNOLOGY** San Fernando City
**Northern Philippines College for Maritime Science And Technology, Inc.,** San Fernando City
**Northern Philippines College for Maritime Education. & Techical Studies**, La Union
**Osias Educational Foundation,** Balaoan
**PAMETS COLLEGES,** Agoo
**Philippine Central College of Arts, Science and Technology,** Naguilian
**Polytechnic College of La Union,** Agoo
**Saint Louis College-San Fernando,** San Fernando City
**Sea and Sky College,** San Fernando City
**South Ilocandia College of Arts and Technology,** Aringay
**Sta. Veronica College, Inc.,** Bacnotan
**STI College-San Fernando City,** San Fernando City
**Union Christian College,** San Fernando City

# Pangasinan

**ABE International College of Business and Economics,** Dagupan City
**Adelphi College,** Lingayen
**AMA Computer College-** Dagupan City
**AMA Computer Colleges**, Urdaneta City
**AMA Computer Learning Center**, Alaminos
**Agno Valley College**, Malasiqui
**Asbury College, Inc.** Anda
**ASIA CAREER COLLEGE FOUNDATION** Dagupan City
**Asia Pacific College,** Alaminos City
**ASSUMPTION UNIVERSITY** Dagupan City
**Baylon Institute of Technology,** San Carlos City
**Carthel Science Educational Foundation, Dagupan (CSEF), Inc.,** Dagupan City
**Central College of Pangasinan**, Sn Carlos City
**CITY COLLEGE OF URDANETA** Urdaneta City
**Colegio de Dagupan**, Dagupan City
**Colegio San Jose de Alaminos,** Alaminos City
**College of St. Micahel the Archangel,** Binalonan

**COMPUTRONIX COLLEGE** Dagupan City
**DAGUPAN COLLEGES FOUNDATION** Dagupan City
**Divine Word College of Urdaneta,** Urdaneta City
**Dr. Francisco Q. Duque Medical Foundation,** Dagupan City
**East Pangasinan Colleges of Science and Technology**, Tayug
**Escuela De Nuestra Sra. De La Salette,** Dagupan City
**GOLDEN WEST COLLEGES** City of Alaminos
**Great Plebian College,** Alaminos City
**HERBA Institute of Technology (H.I.T.), Inc,** Dagupan City
**International Colleges of Asia,** Dagupan City,
**King Fisher School of Business and Finance**, Dagupan City
**Luna Colleges,** Tayug
**LUZON COLLEGES** Dagupan City
**Luzon Colleges of Science and Technology,** Urdaneta City
**Lyceum Northwestern University** Dagupan City
**Lyceum Northwestern-Florencio T. Duque College, Inc.,** Urdaneta
**LYCEUM OF NORTHERN LUZON** Urdaneta City
**Malasiqui Agno Valley College,** Malasiqui
**MARIAN COMPUTER COLLEGE** San Carlos City,
**Mary Help of Christian College Seminary,** Dagupan City
**METRO-DAGUPAN COLLEGES** Mangaldan
**NORTHERN COLLEGES FOUNDATION, INC.,** Dagupan City
**NORTHERN LUZON ADVENTIST COLLEGE** Sison
**Our Lady of Manaoag College,** Manaoag
**Palaris College, Inc.,** San Carlos City
**Pangasinan Colleges of Science and Technology**, Urdaneta
**Pangasinan Merchant Marine Academy**, Dagupan City
**Pangasinan Memorial College**, Lingayen
**Pangasinan School of Arts and Trades,** Lingayen
**Pangasinan State University**, ▼ Asingan
**Pangasinan State University**, ▼ Bayambang
**Pangasinan State University**, ▼ Binmaley
**Pangasinan State University**, ▼ Infanta
**Pangasinan State University,** ▼ Lingayen
**Pangasinan State University**, ▼ San Carlos City
**Pangasinan State University**, ▼ Sta Maria
**Pangasinan State University**, ▼ Urdaneta City
**PASS COLLEGE,** City of Alaminos
**PERPETUAL HELP COLLEGE OF PANGASINAN,** Malasiqui
**Philippine College of Science and Technology,** Calasiao
**Philippine Institute for Maritime Studies and Technology Colleges,** Dagupan City
**Philippine Western Union College,** Alaminos City
**PIMSAT Colleges**, Dagupan City
**PMMC Cabansag Foundation,** Urdaneta City
**Pyramid Computer School,** Urdaneta City
**Saint Columban's College,** Lingayen
**San Carlos College**, San Carlos City
**Skill-Power Institute,** Urdaneta City
**St. Augustine School of Nursing - Pangasinan, Inc.,** Urdaneta City
**STI College-Dagupan,** Dagupan City
**St. Mary Education and Training Institute,** San Carlos City
**The Great Plebeian College,** Alaminos City
**University of Luzon,** Urdaneta City
**University of Pangasinan** Dagupan City
**URDANETA COLLEGE OF TECHNOLOGY** Urdaneta City
**VIRGEN MILAGROSA UNIVERSITY FOUNDATION AND VMU INSTITUTE OF MEDICAL FOUNDATION,** San Carlos
**Waldner Djorjen Science, Inc.,** Calasiao
**Zaragosa College,** Tayug

# CAR (Cordillera Administrative Region)

## Abra
**ABRA STATE INSTITUTE OF SCIENCE AND TECHNOLOGY ▼** Lagangilang
**ABRA STATE INSTITUTE OF SCIENCE AND TECHNOLOGY ▼-- Abra School of Arts and Trades,** Bangued
**Abra Valley College,** Bangued
**Data Center College of the Philippines of Bangued, Abra, Inc.,** Bangued
**Divine Word College of Bangued,** Bangued
**Pinnacle Health and Vocational Institute, Inc.,** Bangued

## Apayao
**Apayao State College,** Conner
**Apayao State College-Luna,** Luna
**Apayao Institute of Science and Technology**, **Apayao Kalinga**

## Benguet
**AMA Computer College-Baguio,** Baguio City
**Asia PacificTheological Seminary**, Baguio City
**Baguio Arts Theological College,** Baguio City
**Baguio Benguet Christian College,** Tuba, Benguet
**Baguio City School of Arts & Trades**, Baguio City
**Baguio City Science Foundation, Inc.,** Baguio City
**Baguio Central University** Baguio City
**Baguio Colleges**, Baguio City
**BAGUIO COLLEGES FOUNDATION** Baguio City
**Benguet Central College,** La Trinidad
**BENGUET STATE UNIVERSITY ▼** Buguias
**BENGUET STATE UNIVERSITY ▼** La Trinidad
**Beti College of Technology,** Baguio City
**BVS School of Technology,** La Trinidad
**Casiciaco Recoletos Seminary,** Baguio City

**Cordillera Career Development College,** La Trinidad
**Data Center College of the Philippines Of Baguio City, Inc.,**
**Easter College, Inc.,** Baguio City
**HS Monticello International College,** Baguio City
**Luzon Nazarene Bible College,** La Trinidad
**Philippine Military Academy,** Baguio City
**Philippine Women's University-Baguio City**
**Pines City Colleges,** Baguio City
**SAINT LOUIS UNIVERSITY** Baguio City
**San Pablo Major Seminary,** Baguio City
**STI College, Baguio,** Baguio City
**University of Baguio,** Baguio City
**Universtity of the Cordilleras,** Baguio City
**University of the Philippines-Baguio** ▼ Baguio City

## Ifugao

**IFUGAO STATE COLLEGE OF AGRICULTURE AND FORESTRY** ▼ Lagawe
**IFUGAO STATE COLLEGE OF AGRICULTURE AND FORESTRY** ▼ Lamut
**IFUGAO STATE COLLEGE OF AGRICULTURE AND FORESTRY** ▼ Potia
**IFUGAO STATE COLLEGE OF AGRICULTURE AND FORESTRY** ▼ Tinoc

## Kalinga

**Business and Engineering School of Technology,** Tabuk
**C.S. Schoolof Music and the Performing Arts,** Tabuk
**Cordillera A+Computer Technology College,** Tabuk
**KALINGA-APAYAO STATE COLLEGE** ▼ Tabuk
**KALINGA COLLEGE OF SCIENCE & TECHNOLOGY**▼Tabuk
**St Louis College of Bulanao,** Tabuk

## Mountain Province

**MT. PROVINCE STATE POLYTECHNIC COLLEGE** ▼ Bontoc
**MT. PROVINCE STATE POLYTECHNIC COLLEGE** ▼ Bauko
**MT. PROVINCE STATE POLYTECHNIC COLLEGE** ▼ Tadian

# Region II (Cagayan Valley)

## Batanes

**Batanes Polytechnic College**, Basco
**Batanes State College**, Basco
**Saint Dominic College of Batanes, Inc.,** Basco

## Cagayan

**ABE International College of Business and Economics,** Tuguegarao City
**AMA Computer College-Tuguegarao,** Tuguegarao City
**Aparri School of Arts and Trades,** Aparri
**Blessed Trinity College,** Aparri
**Bukig National Agricultural and Technical School,** Aparri
**Cagayan Colleges of Tuguegarao,** Tuguegarao City
**CAGAYAN STATE UNIVERSITY** ▼ Aparri
**CAGAYAN STATE UNIVERSITY** ▼ Gonzaga
**CAGAYAN STATE UNIVERSITY** ▼ Lallo
**CAGAYAN STATE UNIVERSITY** ▼ Lasam
**CAGAYAN STATE UNIVERSITY** ▼ Piat
**CAGAYAN STATE UNIVERSITY** ▼ Sanchez Mira
**CAGAYAN STATE UNIVERSITY** ▼ Tuguegarao City
**Central Colleges of the North,** Tuguegarao City
**Florencio L. Vargas College of Tuguegarao,** Tuguegarao
**Florencio L. Vargas College-Abulug,** Abulug
**Ilocandia Technical College, International School of Asia and the Pacific,** Penablanca
**International School of Asia and the Pacific,** Tuguegarao City
**John Wesley College,** Alcala
**Lasam National Agricultural School**, Lasam
**Lyceum of Alcala,** Alcala, Cagayan
**Lyceum of Aparri,** Aparri
**Lyceum of Tuao,** Tuao
**MCN College- Tuguegarao,** Tuguegarao City, Cagayan
**Medical Colleges of Northern Philippines,** Penablanca
**Northern Cagayan Colleges,** Ballesteros
**Philippine Law Enforcement College, Inc. of Tuguegarao,**
**Quezon Colleges of the North,** Ballesteros
**Saint Anthony's College,** Sta. Ana
**Saint Joseph College,** Baggao
**STI College-Tuguegarao,** Tuguegarao
**St. Paul University,** Tuguegarao City
**Superior College Tuguegarao,** Tuguegarao City
**UNIVERSITY OF ST. LOUIS,** Tuguegarao City

## Isabela

**Adventist University of the Philippines**, Alicia
**AMA Computer Colleges**, Cauayan City
**AMA Computer Colleges**, Ilagan
**AMA Computer Colleges -Santiago City,** Santiago City
**Angadanan Agro-Industrial College**, Angadanan
**Cagayan Valley Computer and Information Technology College, Inc.,** Santiago City
**Eveland Christian College,** San Mateo
**Isabela Polytechnic Cooperative College,** Ilagan